


# Music

## Unang Markahan – Modyul 4: Makinig at Sumulat



**Music– Ikalawang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan– Modyul4: Makinig at Sumulat  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Reymond E. Delos Reyes
<b>Editor:</b>	Arnold S. Galvez, Roselyn T. Salum, Mark G. Asuncion, Cherry Lou O. Calison, Marie Ann C. Ligsay
<b>Tagasuri:</b>	Charina S. Sogue, Engelbert B. Agunday
<b>Tagaguhit:</b>	Jiffy F. Claro
<b>Tagalapat:</b>	Reymond E. Delos Reyes
<b>Tagapamahala:</b>	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Eleanor A. Manibog

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,  
Maimpis, City of San Fernando (P)  
Telefax: (045) 598-8580 to 89  
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Musika

Unang Markahan – Modyul 4:  
Makinig at Sumulat

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*


Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasulat ng **stick notation** mula sa tunog na napakinggan. (MU2RH-If-g-7)





## Subukin

**Panuto:** Makinig sa awit na “May Tatlong Bibe” mula sa CD, radyo at iba pang gamit sa **media**. Damhin ang daloy ng awit. Sabayan ang awit at malaya kang gawin ang kilos ng katawan na naaayon dito.



### May Tatlong Bibe

May tatlong bi be a kong na ki ta    Ma ta ba ma payat, mga\_ bi be. Ngu

nit ang may pak pak sa li kod ay i i sa    sya ang li der na nag sa bi ng kwak kwak

kwak kwak kwak    kwak kwak kwak    sya ang li der na nag sa bi ng kwak kwak

## Aralin

# 1

## Makinig at Sumulat


Pagkatapos ng araling ito, matututuhan mo ang kaugnayan ng ating kilos sa tunog na naririnig.



### *Balikan*

1. Natatandaan mo pa ba ang mga natutuhan mo sa nakaraang aralin?
2. Pakinggan at awitin muli ang “May Tatlong Bibe.”

Anong galaw ng katawan ang nababagay rito?



### *Mga Tala para sa Guro*

Ang mga batang Pilipino ay likas na masayahin. Sa simpleng tugtog o awit ay sumasabay na sa pag-indak ang katawan.





## *Tuklasin*

Pakinggan ang paligid mo. Ano-anong tunog ang maririnig mo sa kapaligiran?

Magbigay ka ng mga tunog na malalakas.  
Magbigay ka rin ng mga tunog na mahihina.

Ano ang iyong nadarama habang pinakikinggan mo ang mga ito?

Lubos ka bang nasisiyahan habang pinakikinggan mo ang mga ito?

Anong kilos o galaw ng katawan ang nababagay rito?

Pakinggan at awitin ang “May Tatlong Bibe” at sabayan ng palakpak ng kamay at padyak ng paa.







## *Suriin*

Ipalampak at ipadyak muli ang ritmo ng awiting “May Tatlong Bibe”.

Maipapakita mo sa pagsusulat ng stick notation ang ritmo ng awit ayon sa iyong napakinggan.



## *Pagyamanin*

### Gawain 1

1. Awiting muli ang “May Tatlong Bibe” .
2. Isulat sainyong papel ang stick notation ng awit.
3. Ilang linya mayroon tayo sa bawat **measure**?

### May Tatlong Bibe

1 2 3 4 1 2 3 4  
 | May tat-long bi-be a-kong na-ki-ta

1 2 3 4 1 2 3  
 | Ma-ta-ba , ma-pa-yat m- ga bi-be

4 1 2 3 4 1 2 3 4  
 | Ngu-nit ang may pak-pak sa li-kod na i-i-sa

1 2 3 4 1 2 3 4  
 | Si - ya ang li-der na nag-sa-bi ng kwak kwak

1 2 3 4 1 2 3 4  
 | Kwak kwak kwak, kwak kwak kwak

1 2 3 4 1 2 3 4  
 | Si - ya ang li-der na nag-sa-bi ng kwak kwak



Gawain 2:

Maglaro tayo. Kumuha ng dalawang kasama, hawakan ang beywang ng nasa iyong harapan at igalaw ang katawan habang inaawit ang “May Tatlong Bibe”.



### *Isaisip*

Ano ang mga natutuhan mo sa modyul na ito?

**Tandaan:**

Upang maisagawa ang pagsusulat ng stick notation, kinakailangan ang lubos na pakikinig.



### *Isagawa*

**Panuto:** Ipalakpak ang **beat**. Ito ay may **repeat mark** kaya uulitin ito ng isa pang beses.





## *Tayahin*

**Panuto:** Upang maipakita kung gaano mo naunawaan ang aralin, markahan ng 1-3 ang tapat ng bilang kung gaano mo ito kahusay na naisagawa.

3 - Buong husay

2 - Mahusay

1- Hindi gaanong mahusay

Gawain	3	2	1
1. Nakasusulat ng stick notation sa pamamagitan ng awit na napakinggan.			
2. Nakagagalaw ng tama sa kumpas sa mga awit na 4			
3. Natutukoy ang kumpas ng awit			
4. Nakaawit ng angkop sa kumpas.			
5. Nasisiyahan sa pagsulat ng stick notation ng isangawit.			



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sanayin ang sarili sa pagsulat ng stick notation sa pamamagitan ng pakikinig sa iba't-ibang awiting mula sa CD, radyo at iba pa.

Aralin

# 2


## Sabayan sa Indak at Galaw

Sa araling ito ay maipamamalas ang kahalagahan ng musika sa pang araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng angkop na kilos kaugnay ng mga awit na narinig.



### *Balikan*

1. Pakinggan at awitin ang “May Tatlong Bibe”.
2. Ipalakpak at ipadyak muli ang ritmo ng awitin.





## Tuklasin

Makinig ka ng tugtugin mulasa CD o radyo ng awiting “Ako Ay May Lobo” at sikaping sabayan ng pagpalakpak ng kamay at padyak ng paa.

Maaari mo rin sabayan ng pag-awit habang ginagawa ang mga ito.

### Ako ay may Lobo



A-ko ay may lo - bo lu- mi- pad sa la- ngit



‘Di ko na na-ki-ta pu- mu- tok na pa- la



Sa- yang ang pe- ra ko pi- nam- bi- li ng lo- bo



Sa pag- ka- in sa- na na- bu- sog pa a- ko.



## Ako ay may Lobo



A-ko ay may lo - bo. Lu-mi-pad sa la - ngit 'Di ko na na - ki -



ta pu-mu-tok na pa - la. Sa-yang lang pe-ra ko, pi-nang-bi- li ng lo -



bo. Sa pag - ka - in sa - na'y na - bu - sog pa a - ko.




### *Suriin*


Ipalakpak at ipadyak muli ang ritmo ng awiting “Ako ay may Lobo”.

Maipapakita mo sa pagsusulat ng stick notation ang ritmo ng awit ayon sa iyong napakinggan.


### Ako ay May Lobo



A-ko ay may lo-bo. Lu- mi- pad sa la- ngit



'Di ko na na-ki - ta, pu-mu- tok na pa-la.



Sayang lang pe- ra ko pinambi- li ng lo- bo



Sa pagka-in sa- na'y na- bu- sog pa a- ko.



## *Pagyamanin*

Gawain 1:

1. Awiting muli ang “Ako ay may Lobo.”
2. Isulat sa inyong papel ang stick notation ng awit.
3. Ilang linya mayroon tayo sa bawat measure?



Gawain 2:

Matapos na lagyan ng stick notation ay gagawin ang palakpak ng kamay at padyak ng paa sa awiting “Ako ay may Lobo” ayon sa ritmo.





## *Isaisip*

Ano ang mga natutuhan mo sa modyul na ito?

### Tandaan:

Binibilang natin ang mga guhit sa measure na kumakatawan sa kumpas upang matukoy ang **time meter** ng isang awit.



## *Isagawa*

**Panuto:** Ipalakpak ang beat. Ito ay may repeat mark kaya uulitin ito ng isa pang beses.





## *Tayahin*

**Panuto:** Upang maipakita kung gaano mo naunawaan ang aralin, markahan ng 1-3 ang tapat ng bilang kung gaano mo ito kahusay na naisagawa.

3- Buonghusay

2- Mahusay

1- Hindi gaanong mahusay

Gawain	3	2	1
1. Nakasusulat ng stick notation sa pamamagitan ng awit na napakinggan.			
2. Nakagagalaw ng angkop sa kumpas sa mga awit na 3 meter.			
3. Natutukoy ang kumpas ng awit			
4. Nakaawit ng angkop sa kumpas.			
5. Nasisiyahan sa pagsulat ng stick notation ng isang awit.			



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sanayin ang sarili sa pagsulat ng stick notation sa pamamagitan ng pakikinig sa iba't-ibang awiting mula sa CD, radyo at iba pa.



# *Sanggunian*

*Finale Music Notation Software* (version 26). Arranger.  
MakeMusic, 2018

*Gabay Pangkurikulum ng Musika sa Baitang 2*. Inilimbag sa  
Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon,  
2020

Rodriguez, Darwin. *Patnubay ng Guro: Music, Arts, Physical  
Education and Health-Ikalawang Baitang*. Unang  
Edisyon. Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng  
Kagawaran ng Edukasyon, 2013

Rodriguez, Darwin. *Kagamitan ng Mag-aaral: Music, Arts,  
Physical Education and Health-Ikalawang Baitang*.  
Unang Edisyon. Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng  
Kagawaran ng Edukasyon, 2013

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)